PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 08-122

**KAPASIYAHAN NA IPINAGKAKALOOB ANG APLIKASYON PARA SA AKREDITASYON NG MUNTINLUPA FX/VAN TRANSPORT SERVICES ASSOCIATION, INC., NA MATATAGPUAN SA ALABANG CENTRAL TERMINAL, BARANGAY ALABANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*****************************************************************************************************

Ipinanukala nina: ***Kgg. Kon. Melchor R. Teves***
***Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Kon. Ma. Luisa Babaran-Echavez, M.D***
***Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, M.D***
***Kgg. Kon. Mggl. Icasiano M. dela Rea***
***Kgg. Kon. Ermie S. Espeleta***
***Kgg. Kon. Marita Deang-Calalang, DMD***
***Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo***
***Kgg. Kon. Luvi P. Constantino***
***Kgg. Kon. Inhr. Marissa Cole-Rongavilla***
***Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday***
***Kgg. Kon. Robert A. Abas***
***Kgg. Kon. Mggl. Rey E. Bulay***
***Kgg. Kon. Dann Henry G. Teves***

*****************************************************************************************************

**SAPAGKAT,** Alinsunod sa *Seksiyon 34* ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, *"tungkulin ng Lokal na Pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di-pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng local na awtonomiya";*

**SAPAGKAT,** isinasaad ng *Kautusang Panlungsod Bilang 01-024* na kinakailangang kumuha ng akreditasyon ang mga may-ari, namamahala at nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan na naghahanapbuhay sa loob ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang **MUNTINLUPA FX/VAN TRANSPORT SERVICES ASSOCIATION, INC.,** ay isang samahan na naglalayon ng serbisyong pang-transportasyon sa mga mamamayan na bumibiyahe sa rutang Alabang-Sta. Cruz at Alabang-Tagaytay, balikan;

**SAPAGKAT,** ang **MUNTINLUPA FX/VAN TRANSPORT SERVICES ASSOCIATION, INC.,** ay sumasang-ayon, sumusunod at di lumalabag sa mga probisyon ng ***Ordinance No. 05-040,*** *na inamyendahan ng* ***Ordinance No. 06-093*** ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** ang samahan ay nagsumite ng kumpletong dokumento na hinihingi at kinakailangan ng nasabing ***ordinansa para sa akreditasyon***;

**SAPAGKAT,** ang akreditasyon ng **MUNTINLUPA FX/VAN TRANSPORT SERVICES ASSOCIATION, INC.,** ay magsisimula sa petsa ng pagpapatibay ng resolusyon na ito at magkakabisa ng ***tatlong (3) taon***;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng akreditasyon sa **MUNTINLUPA FX/VAN TRANSPORT SERVICES ASSOCIATION, INC.,** ay bilang pagkilala lamang ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa kanilang samahan at di-pagbibigay pahintulot upang maging ganap ang kanilang layunin nang walang mga kaukulang dokumentong ipinagkakaloob ang Land Transportation Office-Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB) para sa operasyon ng pangtransportasyong serbisyo;

**NGAYON DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN,** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na ipinagkakaloob ang aplikasyon para sa akreditasyon ng **MUNTINLUPA FX/VAN TRANSPORT SERVICES ASSOCIATION, INC.,** na matatagpuan sa *Alabnag Central Terminal, Barangay Alabang, Lungsod ng Muntinlupa.*

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI**, na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang nasabing samahan.

**PINAGTIBAY,** ng 5th Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong **ika-21** ng **Abril, 2008** sa ginanap na ika-**31** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**
*Miyembro*

**KON. MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, M.D**
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, M.D.**
*Miyembro*

**KON. MELCHOR R. TEVES**
*Miyembro*

**KON. MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Miyembro*

**KON. ERMIE S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. MARITA DEANG-CALALANG, DMD**
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. JOSELITO V. AREVALO**
*Member*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Member*

**KON. INHR. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Miyembro*

**KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. MGGL. REY E. BULAY**
*Miyembro*

**KON. DANN HENRY G. TEVES**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**LIBAN:**

**KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Miyembro*

**KON. CEZAR V. PAGKALINAWAN**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
Legislative Staff Officer IV

**PINATUTUNAYAN:**

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Tumatayong Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Tumatayong Punonglungsod*
*Petsa:* ________